



# Impormasyon para sa suporta sa wikang Ingles sa mga paaralan ng estado ng Queensland

Ang Ingles bilang karagdagang wika o diyalekto (English as an additional language or dialect, EAL/D), na kilala noon bilang English bilang Pangalawang Wika (English as a Second Language, ESL), ay isang espesyal na larangan ng edukasyon na may kinalaman sa pagtuturo ng Ingles sa mga mag-aaral na hindi nagsasalita ng Pamantayang Ingles ng Australia bilang kanilang unang wika.

## Mga mag-aaral sa EAL/D sa Queensland

Ang mga mag-aaral sa EAL/D na nagsasalita ng wika o diyalekto maliban sa Ingles at nangangailangan ng suporta sa wikang Ingles upang magamit ang kurikulum na angkop sa kanilang edad.

Hindi lahat ng mga mag-aaral na nagsasalita ng ibang wika o diyalekto ay mga mag-aaral sa EAL/D dahil maaaring may sapat silang kahusayan sa Ingles upang epektibong makalahok sa kurikulum ng paaralan.

Ang mga mag-aaral sa EAL/D ay maaaring kabilangan ng mga batang ipinanganak sa Australia at pinalaki sa mga pamilya kung saan ginagamit ang mga wika o diyalekto maliban sa Ingles, katulad ng estudyanteng Aboriginal at Torres Strait Islander o mga anak ng mga migrante. Kabilang sa mga estudyanteng ipinanganak sa labas ng Australia ang mga humanitarian entrant (taong nakapasok dahil sa makataong kadahilanan), mga international student (estudyanteng galing sa ibang bansa) at mga migrante.

## Pagtukoy sa mga mag-aaral sa EAL/D na nangangailangan ng suporta

Natutukoy ng mga paaralan ang mga mag-aaral sa EAL/D sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatala o sa pamamagitan ng nagpapatuloy na mga proseso sa silid-aralan.

Sa panahon ng proseso ng pagpapatala, tinitipon ng mga paaralan ang mga makabuluhang impormasyon hangga't maari tungkol sa pangunahing wika kung saan mahusay ang estudyante. Ang ilang mga estudyante ay agad na matutukoy bilang mga mag-aaral sa EAL/D mula sa prosesong ito.

Ang ibang mga mag-aaral sa EAL/D ay matutukoy lang ng kanilang mga kaugalian sa pag-aaral at paggamit ng wika sa silid-aralan. Tinutukoy ng mga guro ng klase ang mga mag-aaral sa EAL/D sa pamamagitan ng kombinasyon ng pag-oobserba at pag-aanalisa ng mga muwestra ng trabaho kabilang ang mga resulta ng pagsusulit, mga isinulat na sagot at mga panayam/komperensiya kasama ng mga estudyante.

## Pagsuporta sa mga mag-aaral sa EAL/D

Ang mga mag-aaral sa EAL/D ay nangangailangan ng mga partikular na diskarte sa pagtuturo upang makabuo ng isang pundasyon ng wika para sa matagumpay na pagtuto sa silid-aralan at ang mga paaralan ay nagbibigay ng suportang nagtatarget sa mga pangangailangan ng estudyante. Napagpapasiyahan ng mga guro ang kahusayan ng mga estudyanteng ito sa wikang Ingles gamit ang [Bandscales State Schools \(Queensland\)](#), at nagtuturo sila upang makamit ang mga partikular na pangangailangan sa wika ng mga estudyante sa loob ng konteksto ng silid-aralan.

Nagsasagawa ang mga paaralan ng mga desisyon tungkol sa uri ng suporta na ibibigay batay sa mga antas sa kahusayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral sa EAL/D sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat, at ang konteksto sa silid-aralan.

Tinuturuan ang mga mag-aaral sa EAL/D ng [Kurikulum ng Australia](#) ayon sa kanilang edad at gumagamit ang mga guro ng iba't ibang diskarte upang mapasali ang mga mag-aaral sa EAL/D at tulungan sila upang makamit ang mga inaasahang matututunan.

## Pagtatasa at pag-uulat

Ang mga mag-aaral sa EAL/D ay natututo sa mga paksa ng kurikulum sa parehong panahon na nag-aaral sila ng Ingles. Upang malaman ang pag-intindi sa paksa, nagbibigay ang mga guro ng gawain para sa pagtatasa na ayon sa mga antas sa kahusayan sa Ingles ng mga mag-aaral. Depende sa antas ng kanilang kahusayan sa Ingles, maaaring bawasan ang mga pangangailangan sa wika ng gawain, na magpapahintulot sa mga estudyante na magtuon ng pansin sa pagpapakita sa kanilang pag-intindi sa partikular na paksa sa kurikulum. Halimbawa, ang mga mag-aaral sa maagang yugto sa pag-aaral ng Ingles ay maaaring magpakita ng pag-intindi sa paksa sa pamamagitan ng mga ilustrasyon, balangkas, dula-dulaan o pag-uusap.

Tinatasa at inuulat ang mga estudyante laban sa pamantayan ng pagganap (achievement standard) para sa kurikulum ng baitang sa paaralan (year level curriculum) na tinuturo sa kanila, subalit, maaaring malibre dito ang mga mag-aaral sa EAL/D sa kanilang unang 12 buwan ng pag-aaral sa Australia. Para sa mga estudyanteng ito, ang kanilang ulat ay maglalaman ng nakasulat na pahayag tungkol sa kanilang kahusayan sa wikang Ingles laban sa [Bandscales State Schools \(Queensland\)](#), pati na rin ang pagganap sa mga larangan ng pagtuto (learning area) ng [Kurikulum ng Australia](#) kung naaangkop.